Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON AT KULTURA
(Ministry of Education and Culture)
Maynila

Oktubre 23, 1981

**MEMORANDUM PANGMINISTRI**
**Blg. 203, s. 1981**

SERYE NG MGA SEMINAR SA PAGPAPALAKAS SA PAGTUTURO NG PILIPINO SA KONTEKSTO NG EDUKASYONG BILINGGWAL

Para sa: Mga Direktor ng mga Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala
Mga Puno ng Pang-estadong Dalubhasaan at Pamantasan
Mga Puno ng Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Isang serye ng mga pambansang seminar na naglalayong palakasin ang pagtuturo ng Pilipino sa konteksto ng edukasyong bilinggwal ang magkatuwang na itataguyod ng Surian ng Wikang Pambansa (SWP), Pambansang Samahan sa Linggwistikang Pilipino, Ink. (PSLP), at Espesyalisasyon sa Wika at Panitikang Pilipino sa Dalubhasaang Normal ng Pilipinas. Ang serye ng mga seminar ay umaayon sa pagbabagong isinasagawa sa edukasyon na nakapaloob sa partikular sa mga Kautusang Pangkagawaran Blg. 25, s. 1974 at 50, s. 1975, at Kautusang Pangministri Blg. 22, s. 1978, Memorandum Pangministri Blg. 203, s. 1978, at sa kapangyarihang ipinagkaloob ng Tanggapan ng Pangulo sa Surian ng Wikang Pambansa noong Oktubre 22, 1974 na gumawa ng mga sa-lingkurang pagsasanay sa bilinggwalismo at mga kaugnay na pagdulog, at imperatibo ng edukasyon.

2. Ang mga pangunahing layunin ng serye ng mga seminar na ito ay gaya ng mga sumusunod: (a) mapalakas ang pagtuturo ng Pilipino sa mga antas elementarya, sekundarya at tersyarya sa konteksto ng edukasyong bilinggwal, (b) maipabatid sa mga guro ng Pilipino, para sa kanilang kaalaman at patnubay, ang mga bagong kalakaran at imperatibo ng edukasyon tungo sa higit na pagpapaunlad nito, (k) mapaunlad ang paggamit ng Pilipino bilang wikang panturo sa mga kursong Araling Panlipunan at Agham Panlipunan at mga kaugnay na kurso sa mga paaralan, at (d) maipaliwanag ang mga nararapat na hakbang ukol sa pagbubuo ng Filipino, alinsunod sa itinatadhana ng Saligang-Batas.

3. Ang mga guro ng Pilipino sa mga antas elementarya, sekundarya, at tersyarya sa mga paaralang publiko at pribado, gayon din ang mga superbisor at tagapag-ugnay sa Pilipino ay hinihikayat na dumalo sa mga seminar na ito. Ang pagdalo ay opisyal. Ang halaga ng pagpapatala na ₱80.00 ay maaaring kunin sa pondong lokal. Ito'y gagamitin sa paghahanda ng mga panayam, mga kagamitan sa mga talakayan at iba pang mga guguling insidental.

4. Kalakip nito ang talatakdaan ng serye ng mga seminar na idaraos sa Dalubhasaang Normal ng Pilipinas o sa alinmang angkop na pook. Mapapansin na ang mga seminar ay isasagawa kung Sabado at Linggo upang hindi maabala ang pagkaklaseng regular.

5. Ang lahat ng katanungan tungkol sa serye ng mga seminar ay maaaring itukoy sa: Puno, Espesyalisasyon sa Wika at Panitikang Pilipino, Paaralang Gradwado, Dalubhasaang Normal ng Pilipinas, Taft Avenue, Maynila.

6. Hinihiling na bigyan ng malawak na publisidad ang Memorandum na ito.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Kalakip:

Gaya ng nasasaad

Sanggunian:

Department Orders: (Nos. 25, s. 1974, 50, s. 1975 and 22, s. 1978)

MEC Memorandum: (No. 203, s. 1978)

Pamumudmod: 1-2-3-4--(D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga paksang sumusunod:

Course of Study, COLLEGIATE
" " ", SECONDARY
" " ", ELEMENTARY
OFFICIALS
SCHOOLS
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

(Kalakip sa Memorandum Pangministri Blg. 203, s. 1981)

## TALATAKDAAN NG SERYE NG MGA SEMINAR

| | Paksa ng Seminar | Petsa | Pook |
|---|---|---|---|
| I. | Mabisang Pagtuturo ng Sining ng Komunikasyon sa Pilipino<br><br>Ilalahad at tatalakayin sa seminar na ito ang mga kalakaran sa pagpapabuti sa pagtuturo ng komunikasyon at mga kasanayang komunikatibo sa mga antas elementarya, sekundarya, at tersyarya. May mga pakitang-turo. | Pebrero 20-21, 1982<br>Para sa mga guro sa Metro Manila at mga karatig-pook<br><br>Abril 17-18, 1982<br>Para sa mga gurong nagsa-summer s Maynila | PNC o iba pang pook na angkop pagdausan<br><br>PNC o iba pang pook na angkop pagdausan |
| II. | Mabisang Pagtuturo ng Panitikan<br><br>Ilalahad at tatalakayin sa seminar na ito ang mga kalakaran at pagdulog sa pagpapabuti sa pagtuturo ng iba't ibang sangay ng panitikan, tulad ng maikling katha, panulaan, dula, nobela, indibidwal at sabayang bigkas, atb. May pakitang-turo. | Mayo 1-2, 1982<br>Para sa mga gu[illegible] sa Metro Manila [illegible] sa mga gurong na[illegible]-summer | PNC o iba pang pook na angkop pagdausan |
| III. | Mabisang Paggamit ng Pilipino bilang Wikang Panturo sa mga Kurso sa Antas Tersyarya | Hunyo 12-[illegible], 1982<br>Para sa m[illegible] guro ng Araling P[illegible]lipunan o Agham Pan[illegible]punan sa Metro Man[illegible]la at mga karatig-pok | PNC o iba pang pook na angkop pagdausan |